

ARALIN 41

1. Bakit palaging nangungusap ang Diyos sa mga tao?

-Upang sila ay maliligtas.

2. Bakit gusto ng Diyos na pumunta si Jonas sa lungsod ng Nineveh?

-Dahil mahal ng Diyos ang mga tao ng Nineveh.

-Dahil nais ng Diyos na iligtas ang mga tao ng Nineveh mula sa kapangyarihan ng kasalanan, kamatayan, at Satanas.

3. Bakit tumakas si Jonas?

-Tumakas si Jonas dahil ayaw niyang pumunta sa lungsod ng Nineveh.

4. Bakit ayaw ni Jonas na pumunta sa lungsod ng Nineveh?

-Dahil ang mga tao ng Nineveh ay napakasama.

-Dahil ang mga tao ng Nineveh ay mga kaaway ng mga Israelita.

-Dahil ayaw ni Jonas na iligtas ng Diyos ang mga tao sa Nineveh.

5. Nakatakas ba si Jonas sa Diyos?

-Hindi.

6. Nakapagtago ba si Jonas sa Diyos?

-Hindi.

7. Nakaiwas ba si Jonas sa Diyos?

-Hindi.

8. Ano ang ginawa ng Diyos nang sumuway si Jonas sa Diyos at hindi pumunta sa Nineveh?

-Nagpadala ang Diyos ng malaking isda para lamunin si Jonas.

9. Gaano katagal si Jonas sa tiyan ng malaking isda?

-Sa loob ng tatlong araw at tatlong gabi.

10. Nailigtas kaya ni Jonas ang sarili sa tiyan ng malaking isda?

-Hindi.

11. Sino ang tangi at nag-i-Isa na nakapagligtas kay Jonas?

-Ang Diyos.

12. Paanong ang lahat ng tao tulad ni Jonas?

-Tulad ng hindi nagawang iligtas ni Jonas ang kanyang sarili mula sa tiyan ng malaking isda, hindi rin kayang iligtas ng lahat ng tao ang kanilang sarili mula sa kapangyarihan ng kasalanan, kamatayan, at ni Satanas.

-Tulad ng Diyos lamang ang nakapagligtas kay Jonas, ang Diyos lamang ang makapagliligtas sa lahat ng tao.

13. Ano ang ginawa ng Diyos nang aminin ni Jonas na siya ay sumuway at nagkasala sa Diyos?

-Ginawa ng Diyos na isuka ng malaking isda si Jonas sa tuyong lupa.

14. Matapos iligtas ng Diyos si Jonas, sinabi ba ng Diyos kay Jonas na hindi niya kailangang pumunta sa Nineveh?

-Hindi.

-Hindi nagbabago ang Diyos.

-Ang Diyos ay hindi magbabago.

-Gusto pa rin ng Diyos na pumunta si Jonas sa Nineveh.

15. Nakinig ba ang mga tao sa Nineveh sa mensahe ng Diyos na sinabi sa kanila ni Jonas?

-Oo.

16. Ano ang tawag sa mga tao na pinili ng Diyos na maging Kanyang mga mensahero, at upang sabihin sa mga tao ang Kanyang mensahe?

-Mga Propeta.

17. Ano ang sinasabi ng mga propeta sa mga tao?

-Upang lisanin ang landas ng kasalanan, at sundan ang landas ng Diyos.

18. Ano ang mangyayari sa sampung tribo ng Israel kung hindi nila iiwan ang landas ng kasalanan, at susundin ang landas ng Diyos?

-Ipadadala ng Diyos ang mga taga-Asiria upang talunin ang sampung tribo ng Israel, at gawin silang kanilang mga alipin.

19. Ano ang mangyayari sa dalawang tribo ng Juda kung hindi nila iiwan ang landas ng kasalanan, at susundin ang landas ng Diyos?

-Ipadadala ng Diyos ang mga taga-Babylonia upang talunin ang dalawang tribo ng Juda, at gawin silang kanilang mga alipin.

-Kahit maraming taon na ang lumipas mula nang ipinangako ng Diyos na ipapadala ang Tagapagligtas, nakalimutan ba ng Diyos ang Kanyang pangako?

-Hindi.

-Nangako ang Diyos kina Adan at Eba na ipapadala Niya ang Tagapagligtas.

-Nangako ang Diyos kay Abraham, Isaac, at Jacob na ipapadala Niya ang Tagapagligtas.

-Nangako ang Diyos kay Moises at sa mga Israelita na ipapadala Niya ang Tagapagligtas.

-Nangako ang Diyos kina Haring David at Haring Solomon na Kanyang ipapadala ang Tagapagligtas.

-Hindi kinalimutan ng Diyos ang Kanyang pangako na ipapadala ang Tagapagligtas.

-Kahit na ang mga Israelita ay hindi naniniwala sa Diyos, nagpasya ba ang Diyos na huwag ipadala ang Tagapagligtas?

-Hindi.

-Kahit na ang mga Israelita ay hindi naniniwala sa Diyos, bakit gusto pa rin ng Diyos na ipadala ang Tagapagligtas?

-Dahil mahal ng Diyos ang lahat ng tao.

-Dahil nais ng Diyos na iligtas ang lahat ng tao mula sa kapangyarihan ng kasalanan, kamatayan, at Satanas.

-Dahil ayaw ng Diyos na may pumunta sa Lawa ng Walang-Kamatayang Apoy.

-Kanino ibinigay ng Diyos ang Kanyang mensahe tungkol sa darating na Tagapagligtas?

-Sa mga propeta.

-Saan nakasulat ang mga mensaheng ito tungkol sa darating na Tagapagligtas na ibinigay ng Diyos sa mga propeta?

-Sa Aklat ng Diyos, ang Bibliya.

-Bago ipadala ng Diyos ang Tagapagligtas, ang Diyos ay may plano sa lahat ng mangyayari sa Tagapagligtas.

-Ano ang sinabi ng Diyos tungkol sa Tagapagligtas na Kanyang isinugo?

Basahin natin ang Isaias 9:7a

7-Ang paglago ng kanyang pamamahala at ng kapayapaan ay hindi magwawakas, sa trono ni David, at sa kanyang kaharian, upang itatag, at upang alalayan ng katarungan at ng katuwiran mula sa panahong ito hanggang sa magpakailanman.

-Sinabi ng Diyos na ang Tagapagligtas ay magiging lahi ni David at magiging hari magpakailanman.

-Ano pa ang sinabi ng Diyos tungkol sa Tagapagligtas na Kanyang isinugo?

Basahin natin ang Isaias 7:14

14-Kaya't ang Panginoon mismo ang magbibigay sa inyo ng tanda. Narito, isang birhen ang maglilihi, at manganganak ng isang lalaki, at kanyang tatawagin ang kanyang pangalan na Emmanuel.

-Sinabi ng Diyos na ang Tagapagligtas ay hindi magkakaroon ng tao na ama o tao na ina, ngunit ipanganak ng isang birhen.

-Ano pa ang sinabi ng Diyos tungkol sa Tagapagligtas na Kanyang isinugo?

Basahin natin ang Mikas 5:2

2-Ngunit ikaw, Bethlehem sa Efrata, na maliit upang mapabilang sa mga angkan ng Juda, mula sa iyo ay lalabas para sa akin ang isa na magiging pinuno sa Israel; Na ang pinagmulan ay mula nang una, mula nang walang hanggan.

-Sinabi ng Diyos na ang Tagapagligtas ay ipanganganak sa bayan ng Bethlehem.

-Ano pa ang sinabi ng Diyos tungkol sa Tagapagligtas na Kanyang isinugo?

Basahin natin ang Hosea 11:1

1-Nang bata pa ang Israel, minahal ko siya, at mula sa Ehipto ay tinawag ko ang aking anak.

-Sinabi ng Diyos na tatawagin Niya ang Tagapagligtas mula sa Ehipto.

-Ano pa ang sinabi ng Diyos tungkol sa Tagapagligtas na Kanyang isinugo?

Basahin natin ang Isaias 11:2

2-At ang Espiritu ng Panginoon ay sasakanya, ang diwa ng karunungan at ng unawa, ang diwa ng payo at ng kapangyarihan, ang diwa ng kaalaman at ng takot sa Panginoon.

-Sinabi ng Diyos na ang Tagapagligtas ay pangungunahan ng Diyos Espiritu Santo.

-Ano pa ang sinabi ng Diyos tungkol sa Tagapagligtas na Kanyang isinugo?

Basahin natin ang Isaias 53:4-5

4-Tunay na kanyang pinasan ang ating mga karamdaman, at dinala ang ating mga kalungkutan; Gayunma'y ating itinuring siya na hinampas, sinaktan ng Diyos at pinahirapan.

5-Ngunit siya'y nasugatan dahil sa ating mga pagsuway, siya'y binugbog dahil sa ating mga kasamaan; Ipinataw sa kanya ang parusa para sa ating kapayapaan.

-Sinabi ng Diyos na ang Tagapagligtas ay magdurusa para sa lahat ng tao.

-Ano pa ang sinabi ng Diyos tungkol sa Tagapagligtas na Kanyang isinugo?

Basahin natin ang Awit 41:9

9-Maging ang matalik kong kaibigan na aking pinagtitiwalaan, na kumain ng aking tinapay, ay nagtaas ng kanyang sakong sapagkat sa akin ay laban.

-Sinabi ng Diyos na ang Tagapagligtas ay ipagkakanulo ng isang kaibigan.

-Ano pa ang sinabi ng Diyos tungkol sa Tagapagligtas na Kanyang isinugo?

Basahin natin ang Zacarias 11:12-13

12-At sinabi ko sa kanila, “Kung inaakala ninyong mabuti, ibigay ninyo sa akin ang aking sahod. Ngunit kung hindi, inyo na iyon.” Sa gayo'y kanilang tinimbang bilang aking sahod ang tatlumpung pirasong pilak.

13-Pagkatapos, sinabi ng Panginoon sa akin, “Ihagis mo sa magpapalayok”—ang mainam na halaga na inihalaga ko sa kanila. Kaya't aking kinuha ang tatlumpung pirasong pilak at inihagis ito sa magpapalayok sa bahay ng Panginoon.

-Sinabi ng Diyos na ang Tagapagligtas ay ipagbibili sa halagang tatlumpung pirasong pilak.

-Ano pa ang sinabi ng Diyos tungkol sa Tagapagligtas na Kanyang isinugo?

Basahin natin ang Awit 27:2

2-Nang dumating sa akin ang mga manggagawa ng kasamaan, upang lamunin ang aking laman, ang aking mga kaaway at aking mga kalaban, sila'y matitisod at mabubuwal.

-Sinabi ng Diyos na ang Tagapagligtas ay mabibintangan ng mali.

-Ano pa ang sinabi ng Diyos tungkol sa Tagapagligtas na Kanyang isinugo?

Basahin natin ang Isaias 50:6

6-Iniharap ko ang aking likod sa mga tagahampas, at ang aking mga pisngi sa mga bumunot ng balbas; Hindi ko ikinubli ang aking mukha sa kahihyan at sa paglura.

-Sinabi ng Diyos na ang Tagapagligtas ay bugbugin at luluraan.

-Ano pa ang sinabi ng Diyos tungkol sa Tagapagligtas na Kanyang isinugo?

Basahin natin ang Isaias 53:7

7-Siya'y inapi, at siya'y sinaktan, gayunma'y hindi niya ibinuka ang kanyang bibig; Gaya ng kordero na dinadala sa katayan, at gaya ng tupa na sa harapan ng mga manggugupit sa kanya ay pipi.

-Sinabi ng Diyos na ang Tagapagligtas ay hindi magsasabi ng anuman kapag siya ay inakusahan.

-Ano pa ang sinabi ng Diyos tungkol sa Tagapagligtas na Kanyang isinugo?

Basahin natin ang Isaias 53:3

3-Siya'y hinamak at itinakwil ng mga tao; Isang taong nagdurusa, at sanay sa kalungkutan; At gaya ng isa na pinagkublihan ng mukha ng mga tao, siya'y hinamak, at hindi natin siya pinahalagahan.

-Sinabi ng Diyos na tatanggihan ng mga tao ang Tagapagligtas.

-Ano pa ang sinabi ng Diyos tungkol sa Tagapagligtas na Kanyang isinugo?

Basahin natin ang Awit 69:4a

4-Higit kaysa mga buhok ng aking ulo ang bilang ng mga namumuhi sa akin ng walang kadahilanan; Ang mga nais pumuksa sa akin ay makapangyarihan na mga kaaway kong may kamalian.

-Sinabi ng Diyos na ang Tagapagligtas ay kapopootan ng walang dahilan.

-Ano pa ang sinabi ng Diyos tungkol sa Tagapagligtas na Kanyang isinugo?

Basahin natin ang Awit 22:16

16-Oo, ang mga aso ay nakapaligid sa akin; Pinaligiran ako ng isang pangkat ng mga gumagawa ng masama; Oinutasan nila ang aking mga kamay at mga paa.

-Sinabi ng Diyos na ang mga kamay at paa ng Tagapagligtas ay tutusukin.

-Ano pa ang sinabi ng Diyos tungkol sa Tagapagligtas na Kanyang isinugo?

Basahin natin ang Awit 22:18

18-Kanilang pinaghatian ang aking mga kasuotan, at para sa aking damit sila ay nagsapalaran.

-Sinabi ng Diyos na ang mga tao ay maghahagis ng dais para sa damit ng Tagapagligtas.

-Ano pa ang sinabi ng Diyos tungkol sa Tagapagligtas na Kanyang isinugo?

Basahin natin ang Awit 22:6-7

6-Ngunit ako'y uod at hindi tao, kinukutya ng mga tao, at hinahamak ng bayan.

7-Silang lahat na nakakita sa akin ay tinatawanan ako; Nginungusuan nila ako, iiling-iling ang kanilang mga ulo.

-Sinabi ng Diyos na ang Tagapagligtas ay kukutyain at iinsultuhin.

-Ano pa ang sinabi ng Diyos tungkol sa Tagapagligtas na Kanyang isinugo?

Basahin natin ang Isaias 53:12

12-Kaya't hahatian ko siya ng bahagi na kasama ng dakila, at kanyang hahatiin ang samsam na kasama ng malakas; Sapagkat kanyang ibinuhos ang kanyang kaluluwa sa kamatayan, at ibinilang na kasama ng mga lumalabag; Gayunma'y pinasan niya ang kasalanan ng marami. at namagitan para sa mga lumalabag.

-Sinabi ng Diyos na ang Tagapagligtas ay mamamatay kasama ng masasamang tao.

-Ano pa ang sinabi ng Diyos tungkol sa Tagapagligtas na Kanyang isinugo?

Basahin natin ang Isaias 53:9

9-At ginawa nila ang kanyang libingan na kasama ng masasama, at kasama ng isang lalaking mayaman sa kanyang kamatayan; Bagaman hindi siya gumawa ng karahasan, o walang anumang pandaraya sa kanyang bibig.

-Sinabi ng Diyos na ang Tagapagligtas ay ililibing kasama ng mayayaman.

-Ano pa ang sinabi ng Diyos tungkol sa Tagapagligtas na Kanyang isinugo?

Basahin natin ang Awit 16:10

10-Sapagkat ang aking kaluluwa sa Sheol ay hindi mo iiwan, ni hahayaan mong makita ng iyong banal ang Hukay.

-Sinabi ng Diyos na ang Tagapagligtas ay babangon mula sa mga patay.

-Ano pa ang sinabi ng Diyos tungkol sa Tagapagligtas na Kanyang isinugo?

Basahin natin ang Awit 68:18a

18-Sumampa ka sa mataas, pinatnubayan mo ang iyong bihag sa pagkabihag.

-Sinabi ng Diyos na ang Tagapagligtas ay babalik sa langit.

-Bago ipadala ng Diyos ang Tagapagligtas, pinlano na ng Diyos ang lahat ng mangyayari sa Tagapagligtas.

-Sinabi ng mga propeta ng Diyos sa mga Israelita ang tungkol sa Tagapagligtas na isinugo ng Diyos.

-Sinabi rin ng mga propeta ng Diyos sa mga Israelita na lisanin ang landas ng kasalanan at sundin ang landas ng Diyos.

-Nakinig ba ang karamihan sa mga Israelita sa mga propeta ng Diyos?

-Hindi.

-Ano ang ginawa ng mga Israelita sa mga propeta ng Diyos?

-Pinatay nila ang mga propeta.

-Bakit pinatay ng mga Israelita ang mga propeta ng Diyos?

-Dahil sinabi ng mga propeta ng Diyos sa mga Israelita na lisanin ang landas ng kasalanan at sundin ang landas ng Diyos.

-Dahil sinabi ng mga propeta ng Diyos sa mga Israelita na parurusahan ng Diyos ang kanilang kasalanan sa pamamagitan ng kamatayan.

-Dahil mahal ng mga Israelita ang kanilang kasalanan, at ayaw nilang sumunod sa Diyos.

-Sa halip na makinig sa mga propeta ng Diyos, kanino nakinig ang mga Israelita?

-Sa mga bulaang na propeta.

-Sinabi ng mga bulaang propeta na sila ay mga propeta ng Diyos, ngunit sila ay mga propeta ni Satanas.

-Sinasabi ng mga bulaang propeta na hindi paparusahan ng Diyos ang kanilang kasalanan.

-Sinabi ng mga huwad na propeta na sinasabi nila ang mga katotohanan ng Diyos, ngunit ano ang sinasabi nila?

-Ang mga kasinungalingan ni Satanas.

-Sino ang nagsasalita sa pamamagitan ng mga bulaang propeta?

-Si Satanas.

-Sa ngayon, patuloy pa rin bang nagsasalita si Satanas ng kanyang mga kasinungalingan sa pamamagitan ng mga tao?

-Oo.

-Sinabi ni Satanas sa pamamagitan ng mga tao na huwag sundin ang Diyos.

-Sinabi ni Satanas sa pamamagitan ng mga tao na sundin ang mga kaparaanan ng mga ninuno.

-Sinabi ni Satanas sa pamamagitan ng mga tao na huwag makinig sa Salita ng Diyos.

-Sinabi ni Satanas sa pamamagitan ng mga tao na ang Salita ng Diyos ay hindi totoo.

-Sinabi ni Satanas sa pamamagitan ng mga tao na hindi paparusahan ng Diyos ang kasalanan.

-Bagaman sinamba ng mga Israelita ang mga imahen na kanilang ginawa, nagpatuloy din ba sila sa pagsamba sa Diyos sa templo?

-Oo.

-Tinanggap ba ng Diyos ang pagsamba ng mga Israelita na sumasamba sa mga imaheng ginawa nila, at sumamba din sa Diyos sa templo?

-Hindi.

-Bakit hindi tinanggap ng Diyos ang pagsamba ng mga Israelita na sumasamba sa mga imaheng ginawa nila, at sumamba din sa Diyos sa templo?

-Dahil alam ng Diyos na sinasamba lamang Siya ng kanilang mga labi.

-Dahil alam ng Diyos na sinasamba nila ang mga imahe sa kanilang mga puso.

-Sino ang nakakaalam ng lahat ng tungkol sa ating mga puso?

-Ang Diyos.

-Nakikita ng Diyos ang lahat ng laman ng ating puso.

-Alam ng Diyos kung sinasamba natin Siya sa pamamagitan ng ating mga labi o sa pamamagitan ng ating puso.

-Ano ang sinasabi ng Diyos tungkol sa laman ng ating puso?

-Sinabi ng Diyos na ang lahat ng laman ng ating puso ay puno ng kasalanan.

-Kahit na karamihan sa mga Israelita ay sumasamba sa mga imahen, mayroon bang mga Israelita na sumasamba sa Diyos lamang?

-Oo.

-Mayroong iilan.

-Para kanino naghihintay ang mga Israelita na sumasamba sa Diyos lamang?

-Naghihintay sila sa Diyos na ipadala ang Tagapagligtas.